REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City, Philippines

PHILIPPINES 2000

Sama-Sama sa DECS

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

Hulyo 28, 2000

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 323, s. 2000

## PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA PAGTUTURO NG WIKA

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Kagawaran ng mga Wika, Filipino Unit ng Pamantasang Normal ng Pilipinas, Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon, at Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Pagtuturo ng Wika sa antas elementarya, sekundarya, at tersyarya sa Awditoryum ng Pamantasang Normal ng Pilipinas sa Agosto 16-18, 2000.

2. Ang paksang diwa ng pambansang seminar-worksyap ay "Estratehiya sa Seminar-Worksyap sa Pagtuturo ng Wika: Pokus sa Pagsulat".

3. Pagkatapos ng seminar-worksyap, inaasahang ang dadalong kinatawan ay:

   a. Matuklasan ang iba't ibang disiplina, pagtuturo ng pamamahayag, komposisyon, at pagsulat ng korespondensya opisyal;

   b. Makapaghahanda ng mga napapanahon at kapaki-pakinabang na kagamitang kaugnay ng mga paksang tinatalakay;

   c. Mapagbuti at mapataas ang antas ng kakayahan kaugnay ng malikhaing pagsulat; at

   d. Mapataas ang antas ng kamalayan ukol sa mga napapanahong pananaliksik sa pagsulat.

4. Ang dapat dumalo sa seminar-worksyap na ito ay lahat ng panrehiyon at pansangay na tagamasid sa Filipino, mga puno ng Kagawaran ng Filipino, sinumang hihiranging kinatawan sa mga paaralang elementarya, sekundarya at mga piling guro na nakatalaga sa mga paghahanda ng mga estratehiya sa pagtuturo ng wika ayon sa pahintulot ng direktor ng rehiyon. Maaari ring dumalo ang mga guro sa/ng Filipino, sa pasubaling ang kanilang klase ay hahawakan ng mga gurong may bakanteng oras.

5. Ang mga kinatawan ay magbabayad ng dalawang libong piso (P2,000.00) para sa rehistrasyon, mga handawts, bag at pagkain, anim (6) na meryenda at tatlong (3) pananghalian. Ang mga kinatawan na manggagaling sa mga pampublikong paaralan ay pinapayagang dumalo sa <u>opisyal na oras lamang.</u>

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ANDREW GONZALEZ, FSC
Kalihim

Sangunian: Wala

Pamumudmod: 1—(D. O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, Filipino
SEMINARS
WORKSHOPS